De La Salle University-Dasmariñas

***Sour Grapes at Sweet Lemons:***

***Rationalization* bilang *Defense Mechanism* ng mga Piling Mag-aaral ng AB Psychology at AB Communication Arts**

**Isang Pananaliksik na**

**Inihaharap sa**

**Kagawaran ng Agham Pangkaasalan**

**Kolehiyo ng Malalayang Sining**

**Pamantasan ng De La Salle – Dasmariñas**

**Bilang Bahagi ng Pagtupad sa Pangangailangan**

**Para sa Katibayan ng Pagtatapos ng Kursong**

**Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya**

**Katrin Erika Bungay**

**Maria Janina Salta**

**Ana Katrina San Juan**

**2012**

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas Cavite Philippines

**ABSTRAK**

| | |
|---|---|
| PangalanngInstitusyon: | Unibersidad ng De La Salle - Dasmarinas |
| Address: | Dasmarinas, Cavite |
| Pamagat: | Sour Grapes at Sweet Lemons |
| May Akda: | Bungay, Katrin Erika G.<br>Salta, Maria Janina G.<br>San Juan, Ana Katrina E. |
| PinagkuhananngPondo: | MgaMagulang |
| Halaga: | Php 3,438.50 |
| PetsangSimula: | Hunyo 2011 |
| PetsangPagsumite: | Marso 2012 |
| Saklaw at Limitasyon: | Ang pananaliksik na ito ay isang komparatibong pag-aaral na nakatuon lamang sa paghahambing ng *rationalization* bilang isang *defense mechanism* ng mga piling mag-aaral sa ika-apat na taon ng AB Psychology at AB Communication Arts sa Kolehiyong Malalayang Sining – Pamantasan ng De La Salle, Dasmariñas, at hindi sa ibang kolehiyo. Ang *rationalization* ayon sa teorya ni Sigmund Freud lamang ang pagbabasehan ng pag-aaral na ito.<br><br>Nilalayon din lamang ng pag-aaral na ito na makita kung alin sa dalawang grupo ng kalahok ang mas positibo ang pananaw sa mga suliraning personal, sosyal at akademiko, base sa kanilang pag gamit ng *rationalization technique* na *sour grapes* at *sweet lemons*, sa pag papalagay ng mga mananaliksik na negatibong uri ng rasyonalisasyon ang *sour grapes* at positibong rasyonalisasyon naman ang *sweet lemons.* |

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa paghahambing ng *rationalization technique* ng dalawang grupo ng kalahok; ang pagkakapareha at pagkakaiba ng mga kalahok sa pananaw nila sa kanilang suliraning personal, sosyal at akademiko base sa ginamit na uri ng *rationalization.* Hindi na ninanais na malaman pa ang iba pang implikasyon ng mga nakuhang datos maliban sa mga nabanggit. Ito ay dahil sa limitadong oras at material na magagamita ng mga mananaliksik. Hindi na rin aalamin ng mga mananaliksik ang kahalagahan ng mga makukuhang kasagutan mula sa paggamit ng korelasyon at iba pang *statistical techniques* dahil taliwas na ito sa layunin ng pag-aaral.

Metodolohiya:

Ang pananaliksik na ito ay gagamit ng *descriptive-comparative* na pamamaraan sa paglalahad.Pipiliin ng mga mananaliksik na maging kalahok ang mga mag-aaral ng AB Psychology na nasa ika apat na taon sa pagpapalagay na malawak na ang kanilang kabatiran sa *defense mechanism*. Mula sa unang taon pa lamang, ang *defense mechanism* ay malalim na nilang napag-aralan kaysa sa ibang kurso. Pipiliin din ng mga mananaliksik ang mga mag-aaral ng AB Communication Arts sa Kolehiyo ng Malalayang Siningng Pamantasan ng De La Salle – Dasmariñas sa pagpapalagay na hindi masusing pinag-aaralan ang *defense mechanism* at may kaunti o walang kaalaman sa paggamit nito. *Purposive convenience sampling* ang paraang gagamitin sa pagpili ng mga kalahok. Dalawa lamang sa mga kursong ito ang pipiliin ng mga mananaliksik. Sa isang daan siyamnapu’t walo (198) ng mag-aaral ng Sikolohiya, limampu’tsiyam (59) sa kanila ang kukuhanin bilang kalahok sa pananaliksik na siyang bumubuo sa 30% ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral mula s kursong nabanggit. Sa isang daan at anim (106) ng mag-aaral mula sa kursong AB Communication Arts, tatlumpu’t dalawa (32) na mag-aarala ng isa sa mga bumubuo sa 30% ng mga mag-aaral sa kursong ito. Ang mga instrumentong gagamitin sa pag-aaral ay ang sarbey at isang talatanungan na bubuuin ng mga mananaliksik para

sa pagtatanong-tanong sa mga piling kalahok. Mula sa makukuhang mga datos mula sa sarbey at pagtatanung-tanong ng mga mananaliksik sa mga kalahok, susuriin ang mga ito upang masagot ang mga suliraning nailahad at upang malaman kung alin sa dalawang uri ng *rationalization* ang ginagamit ng mga kalahok, kung ito ba ay *sour grapes* o *sweet lemons*, upang malaman kung alin sa dalawang grupo ang mas positibo sa pagharap ng kanilang suliranin sa buhay.

Konklusyon:

Hindi man nagkakalayo sa paggamit ng uri ng *rationalization*, na iba ang mga mag-aaral mula sa kursong AB Psychology dahil sa kanilang kamalayan sa uri ng *defense mechanism* na kanilang ginamit sa pagsagot. Mapapansin ito sa ilang mga pahayag ng mga kalahok mula sa kursong AB Psychology na nag banggit ng mga katagang "*siguro ang defense mechanism ko dun…*" at iba pa. Bilang estudyante ng Sikolohiya, wala sa kamalayan o *consciousness* ang pagpili nang kung anong *defense mechanism* ang gagamitin sa pagharap sa mga problema, bagkus, nababatid lamang ng mga mag-aaral ng kursong ito kung anong *defense mechanism* ang kanilang ginagamit sakanilang mga problema. Masasabi rin na ang paggamit ng *rationalization* ay naka-depende sa aspeto at pananaw sa mga bagay-bagay at hindi naka-depende sa malalim na kaalaman o pag-aaral sa *rationalization* ng mga kalahok. Hindi nakabatay sa kung anong kurso ang dinadalubhasa ng isang estudyante ang uri ng *rationalization* na gagamitin bilang pananggalang o *defense mechanism* sa mga suliraning haharapin sa personal, sosyal at akademikong aspeto ng buhay.

Rekomendasyon:

Magdagdag ng mga *variables* tulad ng *frustration tolerance* at *maturity* at suriin kung paano ito nakakaepekto sa paggamit ng rasyonalisyason; Huwag limitahan sa dalawang pangkat lamang ang mga kalahok at kung maaari ay mas palawakin pa

ang sakop nito; Alamin kung ano ang implikasyon ng nakuhang datos o mga dahilan kung bakit ito ang napiling sagot; Gumawa o mag buo ng isang instrumentasyon upang mas masusing mapag-aralan at matuklasan ang rasyonalisasyon ng mga kalahok; Maaaring gumamit ng Psychological Well-Being Scale upang mas mapalalim ang implikasyon ng datos sa pagkakaroon ng malusog na mentalidad ng tao; Maglaan ng mas maraming oras sa pakikipanayam upang mas mapalawig ang kaalamang makakalap; Magdagdag ng pamamaraan kung saan mas mapapalalim ang kaalaman sa karanasan ng bawat indibidwal.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

**TALAAAN NG NILALAMAN**

**Abstrak** **i-iii**
**Pasasalamat** **iv**

**Kabanata I** **1-10**

Panimula 1-3
Konseptwal na Balangkas 4-5
Paglalahad ng Suliranin 6
Saklaw at Limitasyon 7
Kahalagahan ng Pag-aaral 8
Depenisyon ng Termino 9-10

**Kabanata II** **11-30**

Defense Mechanism 11-12
Motibo sa Paggamit ng Depensa 12-13
Pagkabalisa (Anxiety) 13-15
Frustration Tolerance at Pagkabalisa 15-16
Rationalizatin 16-21
Dalawang Urii ng Rationalization 21-24
Cognitive Dissonance at Rationalization 24-25
Maturity at ang Paggamit ng Rationalization 25-26
Rationalization at mga Mag-aaral 26-27
Mga Suliranin ng Buhay 27-28
Pagtatanung-tanong 28-29
Paagkakataon 29
Sintesis 30

**Kabanata III** **31-39**

Disenyo ng Pananaliksik 31-32
Pagpili ng mga Kalahok 33
Kalahok ng Pag-aaral 34
Instrumentasyon 35
Pamamaraan ng Paglikom ng Datos 36-37
Pamamaraan ng Pagsuri ng Datos 38-39

**Kabanata IV** **40-58**

| | |
|---|---|
| Suliranin 1 | 40-45 |
| Talahanayan 1.1 | 41-43 |
| Talahanayan 1.2 | 44 |
| Talahanayan 1.3 | 45 |
| Suliranin 2 | 46-50 |
| Talahanayan 2.1 | 46-47 |
| Kalahok 1 | 48 |
| Kalahok 2 | 49 |
| Kalahok 3 | 50 |
| Suliranin 3 | 51-55 |
| Talahanayan 3.1 | 51-52 |
| Kalahok 1 | 53 |
| Kalahok 2 | 54 |
| Kalahok 3 | 55 |
| Suliranin 4 | 56-58 |
| Talahanayan 4.1 | 56 |
| **Kabanata V** | **59-64** |
| Buod | 59-60 |
| Konklusyon | 61-62 |
| Rekomendasyon | 63-64 |
| **Sanggunian** | **65-68** |
| Libro | 65-66 |
| Peryodiko | 66 |
| Internet | 67-68 |
| Di-Nalathalang Pag-aaral | 68 |
| **Apendiks** | **69-82** |
| Apendiks 1: Sarbey | 69 |
| Apendiks 2: Gabay na Tanong | 70-73 |
| Apendiks 3: Katibayan ng Pagpapatatag ng Talatanugan | 74 |
| Apendiks 4: Mga Kalahok at Ginamit na Uri ng | 75-78 |


AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

*Rationalization*
Apendiks 5: Mga Sertipikasyon 79-82

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines